



Pfizer Emergency Use Authorization for 5-11 Guide

Noong Oktubre 29, 2021, ang Pfizer and BioNTech ay nakatanggap ng “Emergency Use Authorization” (EUA) mula sa “Food and Drug Administration” (FDA), patungkol sa bakuna ng Covid-19 para sa mga batang may edad mula 5-11 taong gulang. Ang pangangasiwang ito ay kinumpirma rin ng Direktor ng Center for Disease Control (CDC).

- Sa kabila ng pagkakataon na magkaroon ng pagkakapantay sa pagtanggap ng bakuna, meron lamang mahigit-kumulang na 25% na mga magulang na pumapayag na pabakunahan agad-agad ang kanilang mga anak na may edad 5-11. Noong ika-15 ng Nobyembre, mayroong mahigit na 3.64 milyong bata na wala pang 12 taong gulang ang nakatanggap ng isang dosis ng Covid-19 na bakuna. (Pinagkunan: CDC)
- Pagkalipas ng isang masusi at mahigpit na pagsusuri, pinahintulutan ng “Food and Drug Administration” ang pagbabakuna sa mga batang may edad na 5-11 taong gulang gamit ang Pfizer-BioNTech. Batay sa lubhang magandang resulta ng pagsusuri, pinahayag ng FDA at CDC na ang bakuna ay ligtas at epektibo.
- Sa kasalukuyan, matapos mabigyan ng bakuna ang daan-daang milyon na matatanda at mga kabataan, napatunayan na ang bakuna mula sa Pfizer ay di nakitaan ng masamang epekto o pangmatagalang masamang epekto. Ito ay ligtas at mabisa sa mga nakatatanda, kaya maluwag nating matatangap na mabisa at ligtas din ito sa mga bata. (Pinagkunan: CDC)

Mga Kadalasang Katanungan

- Paano at saan ko pwedeng pabakunahan ang aking anak?
 - Maaaring magpabakuna sa mga sumusunod:
 - Pediatrician and Family Health Clinic
 - Local Health Departments
 - Community Health Centers
 - Pharmacies
 - School-based Health Centers
 - Maaari rin na makakuha ng bakuna sa mga sumusunod:
 - Rural Health Clinics
 - Native Hawaiian Health Centers
 - Federally Qualified Health Centers
 - May mga paaralan din na maaring magbigay ng bakuna para sa mga pamilya ng mga batang nag-aaral dito. Hinihikayat na ang lahat ay maging mahinahon at matiyaga sa pamamaraang inihanda ng mga nangangalaga sa kalusugan upang pangasiwaan nila ang pagdagsa ng pangangailangan.
- Ano ang pagkaka-iba ng bakuna sa mga bata laban sa bakuna sa mga nakatatanda?

- Ang mga batang may edad na 5-11 taon ay nakatatanggap lamang ng isang-katlong dosis na natatanggap ng mga kabataan at mga nakatatanda. Ang dosis para sa mga batang may edad na 5-11 ay pinili upang mabigyan ng balanse ang kaligtasan at pagiging epektibo nito sa kanilang “immune system”. Ang dosis nang bakuna ay hindi nakabatay sa kadalasang timbang ng bata, kundi sa edad ng “immune system.” (Pinagkunan : CDC)
- **Mayroon bang epekto ang bakuna sa Covid-19 sa “fertility” ng anak ko?**
 - Wala. [Walang ebidensya](#) na makapagsasabi at makapagpapatunay na ang bakuna sa Covid-19, at ibang mga bakuna, ay nakapagbibigay ng masamang epekto o problema sa “fertility.” Mahigpit na inirerekomenda ng “The American College of Obstetrics and Gynecology at ng American Society for Reproductive Medicine (fertility specialists),” na ang bawat-isa ay magkaroon ng bakuna sa Covid-19. (Pinagkunan : ACOG)
- **Maaari bang pagsabayin ang bakuna sa Covid-19 at iba pang bakuna para sa aking anak?**
 - Oo! Ayon sa CDC at sa American Academy of Pediatrics, ay ligtas at maaaring pagsabayin na ibigay ang mga regular na pagbabakuna sa mga bata, ang bakuna sa trangkaso at ang bakuna sa Covid-19. (Pinagkunan : CDC)
- **Ano ang mga pangmatagalang epekto ng bakuna sa mga bata? Paano tayo nakasisiguro na ang bakuna ay ligtas?**
 - Tulad ng ibang bakuna, ang bakuna sa Covid-19 ay mayroon lamang panandaliang masamang epekto (side effect), gaya ng pananakit ng braso at lagnat. Sa paglipas ng halos higit-kumulang na isang taon na pagbabakuna sa daang-milyong nakatatanda, ay wala pang nakikitang pangmatagalang masamang epekto. Gayun din ang inaasahan sa mga bata. (Pinagkunan : CDC)
- **Mas malaki ba ang mga benepisyo ng pagbabakuna sa aking anak kaysa sa mga panganib?**
 - Oo. Inirerekominda ng American Association of Pediatrics ang bakuna sa Covid-19 para sa lahat ng mga bata na may edad na lima at pataas, at walang “allergic reactions” sa mga bakuna. Sa mga bihirang pagkakataon na mayroong masamang epekto gaya ng pamamaga ng puso na tinatawag na “myocarditis”, isang independyenteng panel ng mga doktor at siyentipiko ang masusing sinusuri ang mga datos, at sumasang-ayon na di-hamak na mas mababa ang panganib na dulot ng bakuna kaysa sa pagkakaroon ng sakit na Covid-19 ng mga bata. Sumasang-ayon din ang mga doktor at siyentipiko na ang pangkalahatang panganib na magkaroon ng Covid-19 ay higit na mas malaki kaysa sa potensyal na panganib na dulot ng bakuna. (Pinagkunan : CDC)

This publication was made possible by cooperative agreement CDC-RFA-IP21-2106 from the Centers for Disease Control and Prevention of the U.S. Department of Health and Human Services (HHS). Its contents are solely the responsibility of the authors and do not necessarily represent the official views of CDC/HHS.

Bisitahin : apiahf.org at ang madetosave.org para sa malawakang impormasyon upang bigyan ng lubos na proteksyon ang inyong mga mahal sa buhay laban sa Covid-19.